# Ang Sine sa Rehimeng Duterte: Semyotika sa Likod ng mga Likhang Pelikula ni Brillante Mendoza

Ma. Anna E. Villanueva
*De La Salle University*

**Abstrak:** Sa nalalapit na pagtatapos ng panunungkulan ni Pangulong Rodrigo Duterte mainam na suriin ang kalagayan ng iba't ibang sektor sa ating bansa na maaaring repleksiyon ng kaniyang pamamahala. Ilan sa mga kontobersiyal na isyu tulad ng pagsupil sa kalayaan sa pamamahayag, katiwalian, ilegal na droga, at Extra Judicial Killings ang nagbansag sa pangulo bilang "sick man of Asia." Sinuri ang sine ni Brillante Mendoza na tumatalakay tungkol sa pagsugpo ng ilegal na droga na pangunahing binigyang-pansin sa ilalim ng rehimeng Duterte. Ito ang pelikulang "Ma'rosa" (2016), "Alpha: The Right to Kill," (2018) at serye na "Amo" (2018). Inilahad ng pag-aaral kung paano naipakita ni Mendoza ang sitwasyon sa pagsugpo ng ilegal na droga at kaniyang opinyon sa EJK sa pamamagitan ng dalawang pelikula at isang pantelebisyon na serye na ipinalabas hindi lamang dito sa ating bansa kundi maging sa internasyonal na manonood. Kapuna-punang subhetibo ang paglalahad ng direktor ng mga sitwasyon batay sa tunay na nangyayari sa lipunan. Ginamit ang semiyolohiya ni Roland Barthes upang matukoy ang mga simbolo na nagpatunay na ang mga pelikulang nasuri ay repleksiyon ng tunay na nagaganap sa ating bansa at nakatulong sa paglikha ng propaganda para mabigyang-katwiran ang EJK. Isinagawa ang pagsusuring batay sa nilalaman ng mga pelikula batay sa tatlong elemento ng semyotika: (a) imahen (b) lengguwahe (c) bagay o simbolo.

**Mga Susing Salita:** Pelikula; Semiyolohiya; Malayang sine; Droga; EJK

## Introduksiyon

Dalawang buwan matapos manumpa bilang pangulo ni Rodrigo Roa Duterte ay inilathala sa The New Yorker ang artikulong "Rodrigo Duterte's Campaign of Terror in the Philippines," ni Barbara Demick (2016). Ayon sa artikulo ipinangangako ni Duterte na linisin ang lumalalang problema sa ilegal na droga kahit pa sa "extrajudicial" na pamamaraan. Ayon pa sa ulat, sa Timog Asya, ang Pilipinas ang may pinakamataas na grado ng paggamit ng methampetamines o *shabu*. Binalaan ni Duterte ang mga gumagamit at nagbebenta na sumuko na dahil kung hndi mahaharap sila sa summary execution, gaya na rin sa sumusunod niyang pahayag:

*"My order is shoot to kill you… I don't care about human rights, you'd better believe me."*

- Mula sa naisahimpapawid na talumpati noong Agosto 6, 2016

Noong Marso 2017, nailathala sa isang artikulo ng New York Times dokumentaryo ni Andrew Glazer tungkol sa danas ni Raffy Lerma sa pagkuha ng larawan bilang, isang photojournalist ng The Philippine Daily Inquirer tungkol sa mga pagpatay kaugnay sa kampanya ng pamahalaan sa ilegal na droga. Sa artikulo ay inilarawan ni Glazer ang dokumentaryong ginawa niya na "When a President Says I'll Kill You" na para rin sa Times na kasama si Lerma.

*"The president promised this…He promised that people will die."*

Ito ay pahayag ni Lerma kay Glazer nang kinuhanan siya ng panayam para sa dokumentrayo. Si Lerma ay kabilang sa mga jurno na nakatalaga sa panggabing ulat, o night beat reporter. Ayon pa sa artikulo, ang giyera kontra droga ng pangulong Duterte ay malawakan at mabagsik. Binigyan pa niya ito ng interpretasyon na tila "open season" sapagkat kahit hindi pa napatutunayan na gumagamit o tulak ng droga ay sapilitan nang inihahanay o isinasama ang mga hinuhuli sa mga lugar kung saan pinaghihinalaan na talamak ang droga. Binanggit din sa artikulo na maraming bangkay ang natatagpuan na hindi dumaraan sa imbestigasyon at sinasabing sila ay mga adik kaya

hindi na kailangan pang imbestigahan, ito ang sagot ng isang opisyal ng pulis na nakausap ni Glazer.

Taong 2018 nang simulan ni Ramona Diaz na manaliksik para sa dokumentaryong "A Thousand Cuts." Ang dokumentaryo ay tumatalakay sa pagsisimula ni Duterte bilang pangulo hanggang sa pagpapaigting na kampanya niya kontra droga. Lalong naging mainit sa mata ng palasyo ang Rappler, isang digital news network na kilalang bumabatikos sa pamahalaang Duterte nang mailabas ang dokumentaryong ito noong 2019. Ngunit sa kabila nito, umani ng pagkilala ang dokumentaryo sa labas ng bansa at lalong nabahala ang mga internasyonal na organisasyon na nagsusulong sa karapatang-pantao sa resulta ng kampanya kontra droga. Nabigyang-pansin din ang iba pang dokumetaryong naipalabas sa loob at labas ng bansa kaugnay sa nagaganap na extra judicial killing ng pamahalaang Duterte. Ilan sa mga ito ay:

| | |
|---|---|
| On the President's Order (2017) | Ipinalabas sa Human Right's Watch sa Festival sa New York City |
| Duterte's Hell (2017) | Kolaboratibong produksiyon nina Aaron Goodman at Luis Liwanag |
| Aswang (2019) | Dokumentaryo ni Alyx Arumpac na nagkaroon ng world premiere sa pamamagitan ng IDFA Competition |
| The Nightcrawlers (2019) | Dokumentaryo ng National Geographic na mapapanood sa NatGeo TV |

Ngunit ang kabalintunaan sa lahat ng ito ay nanatili pa ring marami ang sumusuporta sa pangulo. Halimbawa sa larangan ng pilosopiya, sa pag-aaral na isinagawa nina Enaya at Demeterio (2021) kaugnay sa nananaig na pilosopiya ni Duterte, natuklasan na may pilosopo na tulad ni Christopher Ryan Maboloc ang nagkakaloob pa rin ng buong suporta sa pangulo sa kabila ng iba't ibang kontrobersiya sa kaniyang pamamahala. Mula 2017 ay nakapaglathala si Maboloc ng pitong artikulo kaugnay sa mabubuting nagawa ni Duterte sa kaniyang pamamahala. Ipinaliwanag din sa pag-aaral kung bakit natatamasa pa rin ni Duterte ang ganitong kumpiyansa sa kabila ng mga pangyayari. Ilan sa mga nabanggit ay:

1. sa pagkapanalo ni Duterte siya ay nag-alok ng panlipunang transpormasyon;
2. naimobilisa ang nadedehadong pangkat--Magindawan sa harap ng imperyal na Maynila;
3. binigyang pag-asa ang mga Pilipinong nadismaya sa mahinang gobyerno ng Aquino;
4. nabigyan ng puwang ang masang Pilipino sa harap ng elitista at predatoryong pamahalaan;
5. nagkaroon ng pagkakataon ang mga Bisaya sa harap ng sentral na pamamahala na laging kontrolado ng mga Tagalog at Taga-Luzon.

Tunay nga na iba ang karisma ng pangulo dahil sa istilong makamasa at pagpapatupad ng pagbabago gamit ang kamay na bakal. Isang katangian na kinilala sa mahaba niyang panunungkulan bilang alkalde sa lungsod ng Davao.

Hindi nakapagtataka kung maging sa larangan ng pelikula ay may mga masugid ding tagasuporta ang pangulo. Ilan sa mga patunay ay paggawa rin ng mga pro-admin na dokumentaryo at pelikula upang pasubalian ang karahasan ng digmaan. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| "Bato" (2019) | Pelikula tungkol kay Heneral Ronald "Bato" Dela Rosa<br>Idinerehe ni Adolf Alix Jr. na noo'y tagasuporta ng pangulo<br>Ang gumanap na pangunahing aktor ay si Robin Padilla na bokal na pro-admin |
| "Kontra Adiksiyon" (2019) | Pelikula tungkol sa pagpapakita ng kabutihan ng kampanya kontra droga<br>Idinerehe ni Njel De Mesa na tagasuporta ni Duterte |

Malaki ang naitulong ng paglawig ng malayang sine o independent film sa pagbuo ng mga dokumentaryo at pelikula na nagdadala ng saloobin at kaisipan ng mga direktor o artistang sumusuporta o tumutuligsa sa paraan ng pamamalakad ni Duterte. May ilan na hayagan na ipinapakita ang suporta at mayroon ding palihim na sumasang-ayon sa pamamaraan ng pangulo. Ayon sa artikulo ng Rappler noong 2018 na "Duterte's Celebrity Endorsers: Where are they now?" inisa-isa ang mga nangampanya para maiposisyon si Duterte sa pagkapangulo noong 2016 na nabigyan ng puwesto sa kaniyang pamahalaan. Ilan sa kanila ay sina Mocha Uson, naging katuwang na kalihim ng PCCO; Liza Dino-Seguerra, tagapangulo ng Film

Development Council of the Philippines; Cesar Montano, naging pinuno ng Tourism Board Promotion; Arnell Ignacio, naging assistant vice president ng Community Relation and Services Department ng PAGCOR; RJ Jacinto, naging presidential adviser on Economic Affairs and Information Technology. At kamakailan naman ay naitalaga si Jimmy Bondoc bilang PAGCOR Board Director. Gayundin, ang patuloy na pagsuporta sa pangulo ng iba pang mga kilalang celebrity ay nagbibigay ng senyales na katangap-tanggap ang mga nangyari sa biktima ng EJK. Bunga nito, malaki ang posibilidad na makaimpluwensiya at makakuha ng simpatiya mula sa masa ang programa ng pangulo kaugnay sa ilegal na droga.

## Pagsuporta ni Brillante Mendoza sa Kampanya Kontra Droga

Si Brillante Mendoza ay kilala sa paggawa ng mga pelikula tungkol sa danas ng mga Pilipino sa kahirapan, pang-aabuso, sakit ng lipunan, at ilegal na droga. Ang kaniyang pelikulang "Ma'Rosa" na tumatalakay sa epekto ng droga ay nagkamit ng pagkilala sa Cannes Film Festival (2016). Sa panayam ng ABS-CBN noong 2016 kay Mendoza ay hayagan niyang sinuportahan ang pangulo sa kampanya nito laban sa drogra. Sinabi niyang epekto ng "culture clash" kaya hindi maunawaan ng mga international humanitarian group ang pangulo. Aniya, sila'y nakatira sa first world country at hindi nila nararanasan ang kahirapan kaya iba ang kanilang pananaw. Ngunit noong tinanong siya tungkol sa nagaganap na extra judicial killings ay hindi siya nagbigay ng komento rito.

Ayon sa rekord ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), umabot na sa 20,000 ang kaugnay na kaso sa EJK mula 2016 hanggang 2018. Mahigit isandaang bahagdan ang itinaas ng bilang ng mga pagpaslang na nasa 1,800 lamang bago magsimula ang kampanya. Sa mga bilang na ito ay may tungkulin din ang sine at mga taong nasa likod nito, lalo ng direktor na ikuwento ang mga pangyayari na hindi nakikita ng masa. Ngunit paano ito mangyayari kung ang mga kilalang tao at hinahanggan ay sang-ayon sa paglabag sa karapatang magkaroon ng patas na paglilitis bago husgahan ng kamatayan?

Ito ang tinuklas ng pag-aaral sa pelikula ni Mendoza na tumatalakay sa EJK. Ang mga pelikulang ito ay "Ma'Rosa," (2016) "Alpha: The Right to Kill," (2018) at "Amo" (2018) isang seryeng pantelebisyon na ipinapalabas sa Netflix. Tumayo bilang direktor sa tatlong nabanggit na pelikula si Mendoza at direktor/prodyuser naman sa pelikulang "Alpha: The Right to Kill."

## Suliranin at Layunin

Tinalakay sa pag-aaral ang sumusunod na suliranin at layunin.

### *Suliranin*

1. Paano nailalarawan ang kasalukuyang kalagayang politikal at panlipunan sa pamamagitan ng sine?
2. Paano naibahagi ng mga direktor ang kanilang interpretasyon sa rehimeng Duterte?
3. Ano-ano ang mga nanaig na imahen sa paglalarawan ng rehimeng Duterte?

### *Layunin*

Nais masuri ng pag-aaral kung anong uri ng diskurso ng mga pelikula na nagpapakita ng pagsuporta sa programa ni Duterte sa kabila ng mga pagbatikos sa kaniya. Sa mga kontrobersiya ng kaniyang kasalukuyang pamamahala, susuriin kung ano ang opinyon at interpretasyon ng mga sineng sinuri kaugnay sa kaniyang administrasyon.

## Metodolohiya

Para sa metodolohiya Isasagawa ang pagsusuring batay sa nilalaman (*content analysis*) gamit ang lenteng semiyolohiya ni Ronald Barthes. Susuriin ang mga sumusunod na elemento: (a) imahen (b) lengguwahe (c) bagay o simbolo.

Ayon sa artikulo ni Feyrouz Bouzida (2014), napakaangkop ng perspektibong Barthesian sa pag-aaral ng midya. Naipakikita sa kuwalitatibong pagsusuri na tingnan ang mga teksto at imahen lampas sa kahulugan nito na nagbubukas ng walang hanggang interpretasyon. Sa paggamit ng sistema ng semiyolohiya bilang metodo ng pagsusuri ng midya sa loob ng mga mensahe nito berbal o di-berbal, iminumungkahi ni Roland Barthes na ang simbolo ay kombinasyon ng *signifier* (tanda) at *signified* (kahulugan). Ngunit hindi nangangahulugang nagpapakita ng inobasyon ang kahulugan sapagkat umiiral ang isang ideya sa isang tiyak na kombinasyon ng *semiotic mode* para sa komunikasyon. Iminumungkahi ni Barthes sa sistema ng simbolo sa midya na kahit ang di-berbal

na komunikasyon ay makapagbibigay ng konotatibong kahulugan.

## Lingguwistika at Semyotika

Ang pagsasanib ng lingguwistika at semyotika ay mabisang paraan upang maipakita ang isang imahen. Malaon nang may tradisyon ng pag-aaral sa larangan na ito noong dekada '50 nang simulan ni Noam Chomsky ang trasnformational generative grammar kasama ang teoryang behaviorism ni B.F. Skinner. Sa tradisyon ng Language Analysis, inuugnay ang pag-uugali (behavior) sa kalikasan ng wika upang kongkretong mailarawan ang isang paksa o bagay na mula sa unang panauhan tungo sa ikatlong panauhan. Kaugnay nito nabubuo ang estruktura sa lingguwistika na ginagamit bilang pundasyon o saligan ng paniniwala sa semiyolohiya. Nilalayon ng structural lingguistic, ayon kay Rudolf Botha (1981), na magmungkahi ng teoretikal na deskripsiyon sa isang bagay o object.

*"...an image representation or replica of something which cannot be oberved in direct manner."*

Ang gamit ng modelong nabanggit ay magsisilbing tulay sa pagitan ng teorya at bagay/object na pinag-aaralan. Sa dahilang ito, hindi dinidiskubre ng teorya ang espesipikong bagay na pag-aaralan ngunit sahalip ay nililikha ito. Sa realisasyon ni Saussure (1983),

*"The object is not given in advance of the viewpoint: far from it. Rather, one might say that it is the viewpoint adapted which creates the object."*

## Semyotika at Pelikula

Kung susundan ang paliwanag kaugnay sa ugnayan ng lingguwistika at semyotika, masasabi kung gayon na ang structural linguistics at semyotika sa pelikula ay lumilikha ng hinuha at modelo na matatagpuan sa hirarkiya na pumapaibabaw na realidad (hindi naobserbahan) at realidad (naobserbahan). Mahalaga ang pag-aaral ng semyotika sa pelikula sapagkat inuunawa nito ang proseso ng senyas (signs) o semiosis. Ang semiosis ang nagbibigay ng kahulugan sa isinasama sa produksiyon ng mga gumagalaw na imahen (moving image). Sa pamamagitan ng semyotika ay naipahahayag ang kahulugan ng mga imahen na ginamit sa pagkukuwento o pagsasalaysay sa pelikula. Ang mga senyales na ito ay maaaring pamilyar sa mga manonood kung saan nabibigyan nila ng interpretasyon.

Sa pagsusuri ng tatlong pelikula ni Mendoza gamit ang perspektibo ni Barthes sa semiyolohiya ay mauunawaan kung paano ginamit ang mga simbolo at imahen sa loob ng salaysay upang maipakita ang opinyon ng direktor sa isyu ng EJK. Ito ay kritikal sapagkat nilalayon ng kaniyang mga pelikula na mapanood sa labas ng bansa kung saan maaari rin magbukas ng bagong interpretasyon sa kalagayan ng droga sa bansa at paraan ng pamamahala ni pangulong Duterte.

## Buod ng mga Pelikula

### *Ma'Rosa*

Habang ng pelikula: 110 minuto
Taon: 2016

Sina Rosa at Nestor ay mag-asawang mayroong maliit na tindahan na tumutustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya. Ang kanilang maliit na kabuhayan ay hindi sapat sa hirap ng kanilang buhay. Upang madugtungan ang kanilang panggastos ay nagbebenta sila ng droga na tinatawag na "ice" ng mga mamimili. Bunga nito hinuli sila ng mga pulis at ikinulong. Ang kuwento ay umikot sa paghahanap ng piyansa ng kanilang mga anak para makalabas silang mag-asawa. Gayundin ipinakita kung paano nasuhulan ang mga pulis upang sila ay makalaya. Ipinakita rin ang danas ng kanilang mga anak habang ang mag-asawa ay nakakulong sa presinto.

### *Alpha: The Right to Kill*

Haba ng pelikula: 94 na minuto
Taon: 2018

Ang kuwento ay tungkol sa pagsugpo ng kapulisan sa ilegal na droga at ang papel ng dalawang karakter na sina Espino at Elijah. Si Espino isang respetadong opisyal, Kristiyano, at mapagmahal sa pamilya, si Elijah ay isang pipitsuging (small time) tulak ng droga na napilitang maging impormante ni Espino para matustusan ang panganagilangan ng kaniyang mag-ina. Ipinakita sa pelikula kung paano nakatutulong sa pagsugpo ng droga ang pagsunod sa batas. Binigyang-pansin sa pelikula ang antas ng sosyo ekonomikong kalagayan nina Espino at Elijah, ang isa ay gitnang-uri na nagtatamasa ng kaginhawaaan at ang isa ay dumaranas ng eksploytasyon para magkaroon ng kabuhayan. Ipinapakita na bagamat pareho sila ng layunin na

masugpo ang ilegal na droga si Espino ay tagapag-utos lamang st si Elijah ang kumikilos.

### *Amo*

Bilang ng episodyo: 13
Haba bawat episodyo: 21-24 na minuto

Ang pelikula ay tungkol sa isinasagawang plano at mga raid upang masugpo ng pamahalaan ang ilegal na droga. Pangunahing protagonista ay si Joseph isang estudyante sa hayskul at drug runner ng kaniyang tiyuhin na pulis. Sa paglaki ng operasyon ng droga kung saan kasangkot ang tiwaling tiyuhin ni Joseph, lumaki rin ang tungkulin ni Joseph sa pagpapanatili ng ilegal na gawain. Hanggang sa dumating ang punto na pinaghinalaan at sinundan na si Joseph ng ibang pulis at tuluyan nang nahuli.

## Semyolohikal na Pagsusuri

### *Imahen*

Sa pagbubukas ng bawat pelikula at dramang pangserye kapuna-puna na madilim ang kapaligiran na susundan ng ingay at dami ng tao. Kaagad na ipinapakita ang kalagayan ng lugar at uri ng pamumuhay mayroon sa loob ng naratibo. Sa *Ma'Rosa*, ang paglalakad ni Rosa sa kalsada para bumili ng ulam ay pagpapakita ng kaniyang kapaligiran. Madilim, marumi, at matao. Karamihan sa labas naghuhuntahan, nagtitinda, kahit gabi ay may mga bata pa ring naglalaro sa daan. Ipinakita rin maging ang uri ng pagkain tulad ng isaw at betamax (dugo ng baboy) na panghapunan bilang senyales ng pagpapakita ng hikahos na kalagayan. Sa kaniyang pagbili, ipinakita rin na kulang ang kaniyang pera at sinabi sa kapitbahay na tindero na ilista na lang, nangangahulugang utang na muna ang kulang. Mahihiwatigan na marami ang kasama niya sa bahay na kakain kaya hindi sumapat ang binili at pambili. Kung pagtutuunan ang mga tao sa kanilang lugar, ipinapakita na ang kaliitan ng espasyo kung saan sila nakatira at dami ng kasapi ng pamilya ang dahilan kung kaya ang kalsada ay ekstensiyon ng kanilang bahay. Sa kalsada nakikipagkuwentuhan, nagluluto, kumakain, at naglalaro. Ang madilim na shot at manaka-nakang ilaw ay maaaring magpahiwatig na hindi naman tuluyang madilim ang kanilang kalagayan. Sa pelikulang *Alpha: The Right to Kill*, ay may mga ganoon ding imahen--madilim, marumi, at matao. Ngunit dahil ang pangunahing protagonista ay pulis at isang small time drug pusher, ipinapakita naman ang dalawang magkaibang kalagayan at pamumuhay ng karakter. Tulad ni Rosa kinakailangan din ni Elijah ng pantustos sa pangangailangan ng kaniyang pamilya lalo't kapapanganak ng asawa. Masasabing may parehong kalagayan sina Elijah at Rosa dahil sa kanilang tirahan na barong-barong, makitid ang daanan patungo sa kanilang bahay, maging ang ilaw ay mapusyaw din--hindi madilim ngunit hindi rin maliwanag. Sa dramang panserye na *Amo*, ang protagonistang si Joseph ay gumagawa rin ng paraan bilang teenager na maghanap ng panggastos sa kanilang tahanan at masuportahan ang kapatid. Detalyadong ipinapakita sa tatlong palabas na ito ang uri ng tirahan, kabuhayan, pakikisalamuha ng mga pangunahhing karakter sa kapitbahay at pulis. Sa Amo ay likas din ang mga maliliit na bahay, ekstensiyon ng labahan at kusina ang kalsada na dinadaanan ni Joseph. Ang mga transaksiyon ay nagaganap sa madidilim na eskinita. Madarama ang kalunos-lunos na kalagayan ng bawat naratibo na lalo pang pinabibigat ng raid o buybust tuwing may operasyon kung saan parang pesteng nagpupulasan ang mga hinuhuli para hindi makulong kung hindi man ay mapaslang. Sa Amo, nagsisilbing tagasalba ang bitu-bitukang makikitid na daan na tumutulong sa mga adik na makatakas. Ang mga eksenang nagpapakita ng pagkuha ng personal na pag-aari gaya ng cellphone ay malakas na imahen din na nagpapakita na kahit ito na lang ang mayroon ang mahihirap gaya ng pamilya ni Rosa ay kinukuha pa ng maykapangyarihan kapalit ng panandaliang kalayaan mula sa detensiyon ng mga pulis.

### *Langguwahe*

Ang lengguwahe ay komunikatibo at balbal. Halimbawa ang paggamit ng salitang "ice" sa Ma'Rosa upang hindi direktang sabihin ang salitang "shabu." Ilang beses din nabanggit ang salitang "pangkain lang" na nangangahulugang tulungan siyang makabenta upang makabili ng pagkain para sa pamilya. Malimit din ang murahan sa tuwing nagtatalo at nag-aaway. Dahil walang propesyonal na hanapbuhay ang mga karakter sa naratibo ay hindi rin gumagamit ng pormal na wika maliban sa mga pulis sa mga eksena ng pagpaplano para sa raid. Madalas din ang pagmumura sa mga usapan, ito ang ekspresyon ng galit, pagkabalisa, maging ng saya. Ang dalawang salita na pagmumura na kung minsan ay nagiging tatlo kapag patungkol sa taong iniinsulto. Mapapansin din na laging nababanggit ang salitang "pasensiya na, Sir" pahayag ng

paghingi ng awa o pag-unawa sa isang taong mataas. Gayundin ang salitang "baka naman puwede" na nagpapahayag ng pagbabakasakali na paboran ang isang hiling bagamat tatatanggapin din kung hindi mapapayagan. Ang mga pahayag na nabanggit ay maaaring tuntunngan ng paglilimi na may dalawang antas na nagtutunggali sa mga palabas, isang mataas at mababa.

### *Simbolo*

Ilan sa mga simbolo na nagpapakita ng pahiwatig at kahulugan ay dilim o gabi, posas, baril, bubong, bangkay. Malaking bahagi ng pelikula ay kinukuhanan sa dilim o gabi. Sa mga eksena ay dito nagtatago ang mga hinahabol, nahuli, o lugar kung saan bumagsak ang pusher. Ang kadiliman ay simbolo ng kawalan ng pag-asa, karumihan, kalungkutan. Mabisa itong nailahad ng bawat pelikula. May mga bahagi na may mga close-up shot ng posas kapag nahuhuli ang adik o tulak, simbolo ng kontrol at pagpuksa. Gayundin nagpapakita ng kawalan ng kakayahang kumilos ng hinuli, pananatili o limitasyon. Ganito ang naranasan ng mga hinuli at pinahanay para kapkapan at arestuhin. Ang baril ay simbolo naman ng kapangyarihan. Sinumang may hawak nito ay kinatatakutan, iniilagan, at iginagalang. Ito naman ang paglalarawan sa mga pulis, sila ang makapangyarihan at dapat sundin dahil ang baril ang magpapasya ng kanilang buhay. Ang bubong ay karaniwan din sa eksena, ang long shot sa mga pelikula ay nagpapakita ng tagpi-tagping bubong at kinakalawang, tulad ng buhay ng mga naninirahan doon hindi buo ang kanilang kaginhawaaan o kaligayahan na representasyon ng mga butas at sira dahil lagi silang may takot at pag-aalala. Marami ring eksena na nagpapakita na sa bubong umaakyat upang makatakas ngunit bumababagsak din sa huli. Interpretasyon na mataas man ang tuntunngan ay sa lupa rin ang bagsak. At bangka na nagpapahiwatig ng pagwawakas sa lahat ng kanilang paghihirap. Ang paghahanay ng mga nasawi, pag-iyak ng mga kaanak, pagtunghay ng mga tao at pulis sa napaslang ang nagtutuldok sa paggamit at pagtulak ng droga ngunit simula ng paghahanap ng katarungan para sa mga naiwan ng mga pinaslang.

## Kongklusyon

### *Kalagayang Politikal*

Sa tatlong pelikula ay mariing ipinapakita ang tunggalian ng uri at pagkadehado ng mahihirap kaya kumakapit sila sa pagtutulak o paggamit ng ilegal na droga. Malaki ang takot nila sa mga pulis hindi lamang dahil sa brutal na trato ngunit dahil sa naaapektuhan din sila ng katiwalian. Tulad ng paghingi ng 200,000 halaga ng piyansa kay Rosa nang siya'y mahuli. Sa "Amo," bagamat ang tiyuhin ni Joseph ay tiwali, ipinakita naman na hindi lahat ng nasa tungkulin ay bulok. Mayroon pa ring matapat at nais na proteksiyunan ang mga tao sa halip na dahasin. Halimbawa sa isang eksena ni Espino sa "Alpha: The Right to Kill," ipinapakita na ang mga pulis ay may pamilya ring tao at kayang magpakita ng kabutihan. Mayroon din silang pananampalataya nang ipakita ang eksena ng pamilya ni Espino na nagsisimba. Sa isang eksena naman sa Ma'Rosa, malumanay na kinakausap ng pulis ang pamilya ni Rosa na ayusin nila ang kanilang kaso upang makalabas na. Sa kabila ng ligalig ay taos puso ang pasasalamat ng mga anak ni Rosa dahil sa tila malasakit ng pulis sa kanila. Matutukoy ang tatlong pangunahing imahen sa tatlong palabas: una ay kahirapan, ito ang eksenang paulit-ulit na ipinapakita at ang karanasan at epekto nito sa buhay ng mga karakter. Ikalawa ay eksploytasyon, mahirap man o nakaririwasa ay may kakayang mang-abuso lalo ng mahihina at takot. Ito ang karanasan ni Elijah kay Espino at Joseph sa kaniyang tiyuhin. Ikatlo ay kamatayan, maaaring magwakas ang paghihirap sa pamamagitan ng kamatayan. Ang alagad ng kapulisan ang maaaring maghain ng kaligtasang ito. Ito ang maaaring maging solusyon sa sistematikong problema sa droga na pinagsisikapang maresolba ng pamahalaan.

### *Interpretasyon ni Mendoza*

Kapuna-puna na inilapit ni Mendoza sa totoong pangyayari ang mga eksena sa pang-araw-araw na buhay ng mga tauhan, paghahanap ng pera, paghahanap ng kabuhayan, maging ang aktuwal na operasyon sa panghuhuli ay nagmumukhang tunay dahil sa galaw ng kamera. Ngunit sa paglalapit sa realidad ay higit na binigyang-katwiran ang layunin ng pamahalaan na puksain ang ilegal na droga at nagmukhang dumaan sa proseso ang lahat ng operasyon at walang paglabag sa batas o extra judicual killings. Sa mga eksena na pagpapakita ng talumpati ni Duterte ay mararamdaman na sinusuportahan ang kaniyang programa kontra droga at binabalewala ang ilegal na pagpatay. Ang tatlong pelikula rin ay nagpapakita ng malaking papel ng kapulisan bilang tagapagligtas sa pagkagumon ng mga tao sa droga. Sila ang tagapaglinis ng mga lugar na "hotspot" at

tagapagbuwag ng mga sindikato. Masasabing kahit ipinakita ni Mendoza ang kalagayan ng mga mahihirap na kumakapit sa pagbebenta ng droga, nais niya ring sabihin na ang pamahalaan at kapulisan ang higit na makatutulong sa kanilang kalagayan basata't kinakailangan lamang nilang sumunod at tumalima sa ipinag-uutos.

## Nanaig na Imahen

Ayon sa artikulo ng TIME na magasin, tinuligsa ang Netflix sa pagpapalabas ng dramang serye na "Amo." Inakusahan ang serye na ito bilang propaganda sa kapulisan gayundin sa mabuting maidudulot ng kampanya ng pangulo. Isa sa mga kaanak na inosenteng biktima ng EJK ay nagpetiyon sa change.org na itigil ang pagpapalabas ng serye. Tinatayang 55% ng manonood ng Netflix ay hindi Pilipino. Maaari itong magbigay ng maling impresyon sa uri ng pagpapatupad ng programa sa pagsugpo ng droga. Tulad ng binanggit ni Barthes na mga set ng symbol mode ay maaaring lumikha ng bago at iba-ibang interpretasyon na maaaring malayo sa tunay na isyu ng ilegal na pagpatay at kunwaring tagumpay sa pagpuksa ng droga.

Sa huli, hindi kakikitaan ng pagtuligsa sa kaparaanan ng panghuhuli ng mga pulis ang mga adik at tulak dahil tulad nga ng nabanggit, ipinapakita nang mga naratibo ng pelikula na dumaraan sa proseso ng pag-iimbestiga, pagpaplano, entrapment ang mga operasyon ngunit hindi ito nangyayari sa realidad kaugnay sa usapin ng EJK. Nais sabihin ng mga palabas na dahil sila'y lumabag sa batas kinakailangan silang hulihin. Ngunit sa katotohanan, hindi inaalintana ang patas na proseso ng pagkakaso dahil kaagad nang pinaratangan ang mga hinuhuli at ang iba'y kaagad na napapaslang mula sa mga operasyon at raid sa kadahilanang nanlaban diumano ang mga hinuhuli. Masasabing ang tatlong pelikula ay propaganda rin upang mainormalisa ang pagpatay sa kahit sinong pinaghihinalaang tulak o adik na naninirahan sa isang slum na lugar, tila ba sinasabi sa mga naratibo na partikular sa lugar na ito nagsisimula ang problema sa droga. Bagamat ang ugat nito ay mga drug lord na kung minsan ay may koneksiyon sa mga tiwaling pulitiko. Sa kabuuan, hindi makatarungan na naihain ang tunay na kalagayan ng mga nabiktima ng EJK sapagkat walang bakas ng extra judicial killings sa mga pelikula na sa ganang akin ay lantarang pagtatakip sa krimen na ipinapataw sa mga inosenteng tao.

## Mga Sanggunian

______. (2002). Semiotics in Film: Relationship between cemiotics and cinema. Beverly Boys Production.

______. (2019). The Nightcrawlers. *National Geographic Documentary Film.*

______. (2019). Aswang. *International Documentary Film Festival Amsterdam*.

Bouzida, Feyrouz. (2014). The semiology analysis in media studies. *International Conference on Social Sciences and Humanities*.

Demick, Barbara. (2016). Rodrigo Duterte's campaign of terror in the Philippines. *The New Yorker*.

Glazer, Andrew. (2017). Duterte's war on drug through local Photographer's eye. *The New York Times*.

Mambrol, Nasrullah. (2018). Christian Metz and film semiotics. *Literary and Theory Criticism*.

Miller, Toby at Stam, Robert. (2004). *A companion to film theory*. Blacwell Publishing.

Polan, Dana. (1981). *Roland Barthes and the moving images*. MIT Press.